Republic of the Philippines
CITY COUNCIL
City of Manila

*******************

PANGKARANIWANG PULONG BLG. 83

IKA-12 SANGGUNIANG PANLUNGSOD

*******************

# KAPASIYAHAN BLG. 433
## Serye ng 2023

**KAPASIYAHAN** NA HUMIHIKAYAT SA BUONG PWERSA NG KAPULISAN SA LUNGSOD NG MAYNILA NA PAIGTINGIN ANG KANILANG PRESENSYA SA LANSANGAN, PAMILIHANG BAYAN, ESKWELAHAN, SIMBAHAN AT SA IBA'T IBANG MATATAONG LUGAR SA LUNGSOD LALO NA'T NAGBUKAS NA ANG MGA KLASE SA PAARALAN, ANG PAPALAPIT NA HALALANG PAMBARANGGAY AT SA PAPARATING NA UNDAS AT KAPASKUHAN

ANG MGA MAY AKDA: **KGG. RICARDO "Boy" A. ISIP, JR.**, **KGG. LUCIANO M. VELOSO, KGG. DARWIN B. SIA,** KGG. IRMA C. ALFONSO-JUSON, KGG. TERRENCE F. ALIBARBAR, KGG. KRYSTLE MARIE C. BACANI, KGG. LARIS T. BORROMEO, KGG. RUBEN F. BUENAVENTURA, KGG. CARLOS C. CASTAÑEDA, KGG. LOUISITO N. CHUA, KGG. NIÑO M. DELA CRUZ, KGG. ROBERTO S. ESPIRITU II, KGG. JESUS E. FAJARDO, JR., KGG. PAMELA "Fa" G. FUGOSO-PASCUAL, KGG. JAYBEE S. HIZON, KGG. MARTIN V. ISIDRO, JR., KGG. RODOLFO N. LACSAMANA, KGG. MACARIO M. LACSON, KGG. SALVADOR PHILIP H. LACUNA, KGG. NUMERO G. LIM, KGG. ERICK IAN O. NIEVA, KGG. CHARRY R. ORTEGA, KGG. ELMER M. PAR, KGG. LOUISA MARIE "Lady" J. QUINTOS-TAN, KGG. SCIENCE A. REYES, KGG. RAYMUNDO R. YUPANGCO, KGG. LEILANI MARIE H. LACUNA, KGG. DANIEL DAVE A. TAN, **KGG. ERNESTO C. ISIP, JR.**, Punong Mayorya at **KGG. JOHN MARVIN C. "Yul Servo" NIETO**, Pangalawang Punong Lungsod at Taga Pangulo

SAPAGKAT, ang pangunahing tungkulin ng ating mga kapulisan ay ang mapangalagaan ang kapayapaan, kaayusan at kaligtasan ng mga mamamayan, ipatupad ang batas, mapigilan, maimbistigahan at masugpo ang ano mang krimen na maaaring maganap;

SAPAGKAT, maraming mga kaganapan sa ating kapaligiran na nangangailangan ng presensya ng kapulisan tulad ng pagbubukas ng klase sa mga paaralan, panahon ng kampanyahan at halalan, at paparating na Undas at Kapaskuhan;

SAPAGKAT, ang ating lungsod bilang kapitolyo ng bansa, sentro ng komersyo, kultura, edukasyon at pamahalaan ay nangangahulugan lamang na mas higit na kinakailangan ang presensya ng kapulisan: KAYA, NGAYON, mangyaring

IPASIYA, tulad ng pagpapasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila na humihikayat sa buong pwersa ng kapulisan sa Lungsod ng Maynila na paigtingin ang kanilang presensya sa lansangan, pamilihang bayan, eskwelahan, simbahan at sa iba't ibang matataong lugar sa lungsod lalo na't nagbukas na ang mga klase sa paaralan, ang papalapit na halalang pambaranggay at sa paparating na Undas at Kapaskuhan; at mangyaring MULI

IPASIYA, na ang mga sipi ng Kapasiyahang ito ay maipamahagi sa tanggapan ng Punong Lungsod, Kagalanggalang Maria Sheilah "Honey" H. Lacuna-Pangan, MD, FPDS, Manila Police District (MPD), tanggapan ng mga barangay, simbahan, pamilihang bayan, at lahat ng pampubliko o pribadong paaralan sa Lungsod ng Maynila.

PINAMUNUAN NI:

**JOHN MARVIN C. "Yul Servo" NIETO**
Pangalawang Punong Lungsod at Taga Pangulo
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

Ipinasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa pangkaraniwang pulong ngayong ika – 19 ng Setyembre, 2023.

PINATUNAYAN:

**LUCH R. GEMPIS, JR.**
Kalihim
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

RRB: jhb/rmd/kjm/agv/egv/eys